# Ang Ebanghelyo ni *Jesu-Cristo*

Gayon na lamang ang pag-ibig ng DIYOS sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang Kanyang Bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan, Sapagkat sinugo ng DIYOS ang kanyang Anak, hindi upang hatulang maparusahan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan Niya.

Hindi hinahatulang maparusahan ang nananampalataya sa Bugtong na Anak ng DIYOS; ngunit hinatulan nang parusahan ang hindi nananampalataya sa Kanya.

Hinatulan sila sapagkat naparito sa sanlibutan ang Ilaw, ngunit inibig pa ng mga tao ang dilim kaysa Liwanag, sapagkat masama ang kanilang mga gawa.

Juan 3:16-19

1

## Si *Jesu-Cristo* ay DIOS na nagkatawang tao

Sa pasimula pa'y naroon na ang Salita. Kasama ng DIYOS ang Salita.

...Naging tao ang Salita at siya'y nanirahan sa piling natin. Nakita namin ang Kanyang kapangyarihan at kadakilaan, puspos ng pag-ibig at katapatan.

...ang pag-ibig at ang katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni JESU-CRISTO.

Juan 1:1-18

2

## Si *Jesu-Cristo* ay DIOS na namatay sa krus

Magpakababa kayo tulad ni CRISTO JESUS kahit Siya ay DIYOS, hindi Siya nagpumilit na manatiling kapantay ng DIYOS. Sa halip ay kusa Niyang binitawan ang karapatan Niyang ito at namuhay na isang alipin.

Ipinanganak Siyang tulad ng isang karaniwang tao, Siya'y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo hanggang kamatayan sa krus.

Kaya naman, Siya'y itinampok ng DIYOS at binigyan ng Pangalang higit sa lahat ng pangalan. Anupat ang lahat ng nilalang na nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa ay maninikluhod at sasamba sa Kanya. At ipapahayag ng lahat na si JESU-CRISTO ang Panginoon, sa ikararangal ng DIYOS Ama.

Filipos 2:5-11

3

## Si *Jesu-Cristo* ay DIOS na nabuhay muli sa mga patay

Mula kay Pablo na alipin ni CRISTO JESUS, tinawag upang maging apostol at hinirang upang mangaral ng Mabuting Balita ng DIYOS. Ang Mabuting Balitang ito, na ipinangako Niya noong pang una sa pamamagitan ng mga propeta at nasasaad sa mga banal na kasulatan ay tungkol sa Kanyang Anak ang ating Panginoong JESU-CRISTO. Sa Kanyang pagiging tao, Siya'y ipinanganak mula sa lipi ni David at sa likas na kabanalan ng kanyang espiritu, ipinahayag Siyang Anak ng DIYOS sa pamamagitan ng makapangyarihang gawa-ang Kanyang muling pagkabuhay.

Roma 1:1-4

4

## Si *Jesu-Cristo* ay PANGINOON na Anak ng DIOS

Lumapit si JESUS at sinabi sa kanila, "Ibinigay na sa Akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad Ko ang lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at turuang sumunod sa lahat ng ipinag-uutos Ko sa inyo. Tandaan ninyo: Ako'y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng sanlibutan."

Mateo 28:18-20

5

## Si *Jesu-Cristo* ay PANGINOON at TAGAPAGLIGTAS ng sanlibutan

Subalit napakasagana ang habag ng DIYOS at napakadakila ang pag-ibig na iniukol niya sa atin. Tayo'y binuhay Niya kay CRISTO kahit noong tayo'y mga patay pa dahil sa ating pag-suway. (Naligtas nga kayo dahil sa kanyang kagandahang-loob). Dahil sa ating pagkipag-isa kay CRISTO JESUS, tayo'y muling binuhay na kasama Niya at pinaupong kasama Niya sa kalangitan. Ginawa Niya ito upang sa darating na mga panahon ay maipakita Niya ang di masukat na kasaganahan ng Kanyang kagandahang loob sa atin sa pamamagitan ni CRISTO JESUS.

Dahil sa kagandahang loob ng DIYOS ay naligtas kayo sa pamamagitan ng inyong pananalig kay CRISTO. At ang kaligtasang ito'y kaloob ng DIYOS hindi mula sa inyo. Hindi ito dahil sa inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman.

Efeso 2:4-9

# Ang Ebanghelyo ni *Jesu-Cristo*

...Kung ipahahayag ng inyong mga labi na si JESUS ay Panginoon at mananalig ka nang buong puso na Siya'y muling binuhay ng DIYOS, maliligtas ka. Sapagkat nananalig ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayo'y napawalang-sala; at nagpapahayag sa pamamagitan ng kanyang labi at sa gayo'y naliligtas.

Sinasabi ng Kasulatan, 'Hindi mabibigo ang sinumang nananalig sa Kanya.... sapagkat sinasabi ng Kasulatan, 'Maliligtas ang lahat ng tumatawag sa Pangalan ng Panginoon.

Roma 10:8-13

Kung nangungusap ang DIYOS sa iyong puso na tugunin ang katotohanan sa Biblia, ipanalanging mo ito ngayon sa DIYOS:

*"Aking DIYOS, patuloy Mo pong ipahayag ang Iyong sarili to akin. Sinasaliksik Kita na buong puso. Panginoong JESU-CRISTO, nais kong makilala Ka at magtiwala sa Iyo bilang aking Panginoon at Tagapagligtas. Nakikiusap po ako na Ikaw ay aking maging Panginoon at Tagapagligtas. Tulungan Mo ako na lumago sa aking pananampalataya sa Inyo. Panginoong JESU-CRISTO, aking Tagapagligtas, salamat po sa Iyong pag-ibig at pag-liligtas at pag dinig sa aking panalangin sa Inyo ngayon. Amen."*

Kami'y nagagalak at nagpupuri sa DIYOS sa lahat ng ginawa at patuloy na gagawin Niya sa iyong buhay! Hinihikayat ka naming maging bahagi ng isang iglesia na kung saan si JESU-CRISTO ay DIYOS at sinasamba bilang *Panginoon at Tagapagligtas*. Kung gusto mo tutulungan ka naming mag hanap ng simbahan. Email mo kami sa:

EssentialChristianDoctrines@gmail.com

Pagpalain ka ng Panginoong JESU-CRISTO.